Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-20 NG HUNYO 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim John Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan-**O.B.** |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay-**Leave** |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KAUTUSAN BILANG 22-06-319**

**KAUTUSANG NAG-AATAS SA LAHAT NA TANGGAPAN NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA HINGIN MUNA ANG AKREDITASYON NG SANGGUNIANG BAYAN SA MGA ASOSASYON, KOOPERATIBA, O SAMAHAN BAGO SILA MABIGYAN NG PABORABLENG PAG-INDORSO PATUNGO SA MGA AHENSIYA NG PAMAHALAANG NASYUNAL AT IBA PANG ISPONSOR O DONOR KAUGNAY SA PAGHINGI O PAGHILING NILA NG ANUMANG TULONG, SUPORTA, O AYUDA**

Proponent at May-akda
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**

Isponsors
**Sangguniang Bayan Member GERMAN S. ACOSTA**
**Sanggguniang Bayan Member DENNES M. FANER**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

KGG. JESS V. SAPUNGAN
PERLITA [illegible] PAZ
KGG. TULAY M. CARING
KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. DENNES M. FANER
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DEXTER R. GONZALES

Scanned with CamScanner

**Seksyon 1.** Ang lahat na tanggapan ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay inaatasan na hingin muna ang akreditasyon ng Sangguniang Bayan sa mga asosasyon, kooperatiba, o samahan bago sila mabigyan ng paborableng pag-indorso patungo sa mga ahensiya ng pamahalaang nasyunal at iba pang isponsor o donor kaugnay sa paghingi o paghiling nila ng anumang tulong o ayuda.

**Seksyon 2.** Ayon sa pagkakagamit sa Ordinansang ito, ang sumusunod na mga salita ay magkakaroon ng kahulugan na:

a. **Akreditasyon** - tumutukoy sa taunang pagbibigay ng pagkilala sa isang asosasyon, samahan, o kooperatiba matapos makapagsumite ng mga dokumentong kinakailangan ayon sa itinatadhana ng lokal na ordinansa.

b. **Paborableng pag-indorso** – liham, sertipikasyon, o listahan na kumikilala sa legal na pag-iral, maayos na operasyon, at kontribusyon ng anumang asosasyon, samahan, o kooperatiba at positibong nagmumungkahi sa mga ahensiya ng pamahalaang nasyunal at iba pang isponsor o donor upang mabigyan ng tulong, ayuda, o suporta ang una.

**Seksyon 3.** Ang Kautusang ito ay tumutukoy lamang sa mga tanggapan ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao at hindi sumasaklaw sa mga batas at alituntuning pinaiiral ng mga ahensiya ng pamahalaang nasyunal at ng iba pang isponsor o donor partikular sa pamimigay ng tulong, suporta, o ayuda sa anumang asosasyon, samahan, o kooperatiba.

**Seksyon 4.** Ang sinumang opisyal, kawani, o manggagawa ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao na hindi gaganap sa mga tungkuling nasasaad dito o kaya ay hahadlang sa o magiging dahilan sa pagkabalam ng implementasyon ng Kautusang ito ay dapat na maparusahan ayon sa isinasaad ng mga kaugnay na polisiya at batas.

**Seksyon 5.** Ang anumang pambayang kautusan o ordinansa na hindi umaayon sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang bisa o binabago.

**Seksyon 6.** Kung may bahagi man ng kautusang ito na madideklarang walang bisa, ang nalalabi o iba pang bahagi ay mananatiling may bisa. Mananaig ang mas mataas na batas o polisiya.

**Seksyon 7.** Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad pagkatapos ng labinlimang (15) araw na pagpaskil sa bulletin board sa pasukan ng pambayang gusali at sa dalawa (2) o higit pang hayag na lugar sa Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao.

KGG. JESS... | KGG. PER... PAZ
KGG. KIEVEN E. CANTOS | KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA | KGG. KIMNONH ELCO E. CANTOS
KGG. EDEZER F. ACERON | KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. DENNIS M. FAMER | KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. DEXTER R. GONZALES | KGG. ERWIN C. VILLAS

2021.05.25

Scanned with CamScanner

Sa mungkahi ni SB Member German S. Acosta at SB Member Dennes M. Faner na pinangalawahan ni SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., ang Kautusang ito ay ...

**ISINABATAS** ngayong ika-20 ng Hunyo 2022 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. ELPIDIO N. CONTRERAS,JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
Sangguniang Kabataan Fed. Pres.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo/
Acting Municipal Vice Mayor

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Agosto 10, 2022

22/06//21/DRG/jpc

2021.05.25

Scanned with CamScanner